Luha

Aegis

Akala ko ikaw ay akin
Totoo sa aking paningin
Ngunit nang ikaw ay yakapin
Naglaho sa dilim
Ninais kong mapalapit sa'yo
Ninais kong malaman mo
Ang mga paghihirap ko
Balewala lang sa'yo
Ikaw ay aking minahal
Kasama ko ang Maykapal
Ngunit ako pala'y naging isang hangal
Naghahangad ng isang katulad mo

Hindi ko na kailangan
Umalis ka na sa aking harapan
Damdamin ko sa 'yo ngayon ay naglaho na
At ito ang 'yong tandaan
Ako'y masyadong nasaktan
Pag-ibig at pagsuyo na kahit na sa luha
Mababayaran mo

Tingnan mo ang katotohanan
Na tayo'y pare-pareho lamang
May damdamin ding nasasaktan
Puso mo'y nasaan?

Kaw ay aking minahal
Kasama ko ang Maykapal
Ngunit ako pala'y naging isang hangal
Naghahangad ng isang katulad mo

Hindi ko na kailangan
Umalis ka na sa aking harapan
Damdamin ko sa 'yo ngayon ay naglaho na
At ito ang 'yong tandaan
Ako'y masyadong nasaktan
Pag-ibig at pagsuyo na kahit na sa luha
Mababayaran mo

Ayaw ko nang mangarap
Ayaw ko nang tumingin
Ayaw ko nang manalamin
Nasasaktan ang damdamin
Ayaw ko nang mangarap
Ayaw ko nang tumingin
Ayaw ko nang manalamin
Nasasaktan ang damdamin
Gulong ng buhay
Patuloy-tuloy sa pag-ikot
Noon ako ay nasa ilalim
Bakit ngayon nasa ilalim pa rin
Gulong ng buhay
Patuloy-tuloy sa pag-ikot
Noon ako ay nasa ilalim
Sana bukas nasa ibabaw naman

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!